TOMO 9 BILANG 5 | ISSN NO. 2599-5405 | MAYO 2022

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

## BAGONG ULAT

### CARD MRI, NAGSAGAWA NG ISANG FINANCIAL RESILIENCY FORUM

*ni Victor Angelo Aranza*

Upang mapalakas at mapabilis ang pagbangon ng mga komunidad matapos ang mga natural na kalamidad, nagsagawa ang CMDI ng "Disaster Resiliency and Risk

2

### CARD MRI Astro Laboratories, nagbukas ng pharmaceutical laboratory

*ni Victor Angelo Aranza*

Binuksan ng CARD MRI Astro Laboratories (CARD Astro), isa sa mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI, ang bago nitong laboratoryo sa

2

# CARD MBA, BINUKSAN ANG IKA-81 P.O. SA EL NIDO, PALAWAN

*ni Victor Angelo Aranza*




*Ang mga nasa larawan ay sina (mula kaliwa patungong kanan) Unit Manager Dencio Cabanes, Microinsuranse Supervisor Marilyn Antioquia, Unit Manager Francisco Silo, Senior Operations Director Oliver Reyes, Father Jose Eddie Peñafel, Provincial Manager Eunice Grace Quiocson, Unit Manager Marjorie Bernal, Senior Regional Director Jowie Guevarra, Provincial Manager Jonah Mosqueda, kasama sina MBA coordinators Chona Ponce de Leon, Coro Marie Garcia, Mary Grace Gabuco, Rosela Martinito at Claims Officer Caroline Nagal.*

Upang mapalawak pa ang pagbibigay ng abot-kayang *microinsurance* sa bansa, binuksan ng CARD MBA ang ika-81 Provincial Office (PO) nito sa El Nido, Palawan noong Mayo 2, 2022.

Ang bagong PO na ito ay matatagpuan sa Sitio Pasto, Brgy. Villa Liberta.

Ibinahagi ni CARD MBA CEO Jocelyn D. Dequito kung ano-ano ang mga benepisyong matatanggap ng mga magiging kasapi ng Asosasyon. "Sa pagbubukas ng tanggapang ito sa El Nido, mahigit sa 40,000 miyembro ang magkakaroon ng akses sa murang *insurance products.*" Dagdag pa niya na dahil sa ipinatutupad nitong 8-24 *claims strategy* na naglalayong maihatid ang benepisyo sa loob ng walo hanggang 24 na oras matapos ang aplikasyon, mas mararamdaman ng mga kasapi nito ang karagdagang seguridad mula sa kanilang mga seguro.

2

## KWENTONG TAGUMPAY

### PAGLAGO SA KABILA NG TAGTUYOT

2

### PAGHULMA SA ISANG MAGANDANG KINABUKASAN

3

Basahin ang isyung ito upang manalo ng ₱50.00 load via konek2CARD!

**Saan binuksan ng CARD Astro ang kanilang bagong laboratoryo?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



## CARD MRI Astro ...

1

Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong Abril 13, 2022.

Ayon kay CARD Astro Chairman Lyneth Derequito na sa pamamagitan ng bagong pasilidad na ito, mas makatutulong at makapaglilingkod ang institusyon sa maraming bahagi ng bansa. Makapagbibigay rin ito ng oportunidad sa maraming nanay sa bayan ng Bay at sa mga kalapit na lungsod nito," saad ni Derequito.

Sa kasalukuyan, tumatanggap ang laboratoryo ng mga estudyante bilang *part-time staff*. Paliwanag pa nito, "Dahil sa paraan ngayon ng pag-aaral ng mga estudyante, mayroon silang sapat na oras upang makapagtrabaho. Mapalad tayo dahil tayo ang nagiging instrumento upang makapagbigay ng oportunidad sa mga kabataan upang magamit ang kanilang kakayahan at oras para makatulong sa pangangailan ng kanilang pamilya."

**Daan tungo sa kalusugan at kagandahan**

Noong 2021, gumawa ng mga makabuluhang hakbang ang CARD Astro upang makamit ang mithiin nilang makapagbigay nang mas magandang bukas sa CARD MRI at sa mga miyembro nito.

"Nagsimula ang CARD Astro sa isang pangarap – pangarap na nagmula sa hangarin ng bawat kliyente na magkaroon ng abot-kaya at epektibong gamot para sa kanilang pamilya. Sa pamamagitan ng pagbubukas ng laboratoryong ito, mas nalalapit na tayo sa ating pangarap," pahayag ni CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip.

Noong nakaraang taon, nakuha ng CARD Astro ang kanilang License to Operate (LTO) sa Food and Drugs Authority (FDA). Ang pagkakaroon nito ng LTO ay nagpapahintulot sa institusyon na gumawa ng produkto at ibenta ito sa merkado.

Sa pagbubukas nito ng panibagong laboratoryo, ipinakilala ng institutsyon ang kanilang abot-kayang produkto pati na rin ang kanilang organiko at epektibong *cosmetics* na makapagbibigay sa CARD MRI at sa mga miyembro nito nang malusog at magandang pamumuhay.

# CARD MBA, BINUKSAN...

1

Ang mga kasapi ng Asosasyon ay maaaring magtungo sa *provincial office* na ito upang kuhanin ang kanilang *claims benefit*, at maaari din silang kumuha ng iba pang *insurance products* na mas angkot sa kanilang pangangailangan. Ang mga segurong Basic Life Insurance at Retirement Fund ay inihahatid din ng Asosasyon para sa mga kasapi nito.

## CARD MRI, NAGSAGAWA ...

1

Financial Forum" sa CMDI Bay Campus noong Abril 11, 2022.

Dinaluhan ang nasabing pagtitipon ng mga lider sa *microfinance* at *microinsurance industries*. Nilalayon nito na mapag-usapan ang mga nakuhang pinakamahuhusay na mga gawi at kasanayan sa pagsuporta sa Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) upang mabilis silang makabangon matapos ang mga kalamidad tulad ng bagyo, lindol, at tagtuyot.

Binigyang-diin ni CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito ang kahalagahan ng pagtitipong ito upang makausad mula sa mga pananalanta ng mga sakuna kahit pa nasa kalagitnaan ng pandemya.

Upang mas maging mayaman ang pag-uusap na ito, nag-imbita ang CARD MRI ng mga kilalang tao upang magbahagi ng kanilang kaalaman at karanasan tungkol sa *risk financing*.

Sa isang diskusyon ni Principal Financial Sector Specialist of the Asian Development Bank (ADB) Mr. Arup Chatterjee na pinamagatang "Improving Climate Resilience of Poor and Developing Communities", pinag-usapan ang tungkol sa mga epekto ng pagbabago ng klima sa ekonomiya.

Sinundan naman ito ng diskusyon ni Eduardo Jimenez mula sa Microfinance Council of the Philippines (MCPI) tungkol sa "Disaster Risk Reduction and Management, Best Practices and Experiences of MFIs". Binigyang-diin niya ang kalidad ng seguro na kailangan ng mga komunidad.

Sa diskusyon naman ni Pioneer Inc. President Lorenzo Chan, ibinahagi niya kung paano nagiging madali ang pag-akses sa seguro sa panahon ng kalamidad na nagpapabilis ng pagbangon ng mga pamilya at kanilang kabuhayan.

Sa dulo, nagbahagi rin si Aika Robredo sa kaniyang karanasan bilang

4

KWENTONG TAGUMPAY

# Paghulma sa isang magandang kinabukasan

*ni Lynfa Tan*



*Sina Felix at Catherine ay naniniwala na ang tiwala at pagtitiyaga ay susi sa tagumpay ng pagpapamilya, buhay, at negosyo.*

Natural na malikhain, sinimulan ng mga Pilipino ang paggawa ng *ceramic pottery* 3,500 taon na ang nakalipas. Ang sining sa paggawa ng mga ito ay naipamana mula sa una hanggang sa bagong henerasyon at gumagamit ng iba't ibang materyales tulad ng luwad, semento, metal, at iba pa.

Sina Felix Lumahan at ang kaniyang asawang si Catherine ay gumagawa ng mga paso mula sa luwad at semento. Sila ay mula sa San Felipe, Koronadal City. Sa halagang PHP 1,000, sinimulan nila ang kanilang negosyo 15 taon na ang nakalipas. Hindi naging madali ang kanilang pagsisimula dahil sa limitado nilang kapital. Hindi nila kayang bumili ng maramihang *raw products* mula sa mga pabrika. Dahil dito, sila ay bumibili ng mga may depektong paso na gawa sa luwad, isinasaayos ito gamit ang semento, at pinipintahan ng matitingkad na kulay upang gumawa ng mga bagong disenyo. Ang mga kakaibang pasong ito ay nakaakit ng mamimili sa kanilang lugar.

Hindi tulad ng maraming negosyo na lubos na naapektuhan ng pandemya, ang kanilang negosyo ay naging patok. Maraming indibidwal ang ginawang libangan ang paghahalaman noong ipinatupad ang *lockdown* at *work-from-home*. Dahil sa mataas na demand nito, mas tumaas pa ang kailangan nilang kapital sa negosyo.

Dito nakatulong ang CARD, Inc. sa kanila. Nag-avail ang mag-asawa ng *business loan* sa CARD bilang pandagdag ng kapital sa kanilang negosyo. Nagbukas din sila ng maliit na tindahan upang madagdagan pa ang kanilang kita. Sa tulong ng institusyon, natutuhan ng mag-asawa ang kahalagahan ng pag-iimpok at tamang paggamit ng kanilang *loan*.

Mayroon mang pagkakataon na nahihirapan sila bilang pamilya at sa kanilang negosyo, ang kanilang mga gawang paso ay nagsisilbing inspirasyon sa kanila: ang mga basag na paso ay muling maisasaayos at magagawang kapaki-pakinabang.

# Paglago sa kabila ng tagtuyot

*ni Lynfa Tan*

*Pinamamahalaan ni Emma ang kanilang dried fish store sa Calumpang market habang ang kanyang asawa ay nagtatrabaho sa paggawa ng iba't ibang klase ng tuyo.*




Ang ating karagatan ay mayaman sa yamang-dagat kung saan ginagawa itong kabuhayan ng karamihan kasama na ang mga gumagawa ng daing o tuyo. Dahil sa abot-kayang presyo nito, ito ay naging paboritong ulam sa hapagkainan ng mga Pilipino.

Isa sa mga nagtitinda ng tuyo ay si Emma Luwague mula sa General Santos City. Pitong taon na siyang nagtitinda nito sa Calumpang Market na kilala bilang sentro ng bentahan ng iba't ibang klase ng daing sa probinsya.

Ang kanyang asawa ay ang kanyang partner sa negosyong ito. Habang si Emma ang nagtitinda ng iba't ibang klase ng daing tulad ng *pandawan, barilison, pusit, sapsap, dilis,* at *balat ng bariles* sa palengke, ang kaniyang asawa naman ang nagpoproseso ng paggawa ng tuyo mula sa mga sariwang isda. Lubos ang pagsusumikap ng mag-asawa upang matustusan ang pangangailangan ng kanilang tatlong anak.

Nakaranas ang mag-asawa ng maraming tagtuyot sa kanilang paglalakbay. Noong 2021, nasunog ang kanilang tirahan, tindahan, at *computer shop*. Lahat ng kanilang ari-arian ay nasunog. Nahirapan sina Emma sa muling pagbangon. Ngunit sa tulong ng CARD SME Bank, muli silang nagkaroon ng pag-asa at unti-unting makabawi.

Kliyente na si Emma ng CARD SME Bank sa loob ng 12 taon. Dahil dito, may akses si Emma sa mga produktong seguro mula sa CARD MRI Insurance Agency (CaMIA). Nakatulong ang ahensyang ito na maibalik ang mga nawala sa kanila dahil sa sunog. Nakatanggap sila ng benepsyo mula sa kaniyang Kabuklod Plan at SAGIP Plan mula sa CaMIA. Ginamit ni Emma ang benepisyong

4



# INVESTING TO MAKE A DIFFERENCE

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

The annual inflation rate in the Philippines rose to 4.0% in March from 3.0% in February. The increase in the prices of goods is at an all-time high as Russia's attack on Ukraine sent oil and commodity prices soaring worldwide. In an environment where inflation risks are high, oil prices are surging and current macroeconomic forecasts paint a challenging picture, there is a popular Filipino proverb or salawikain that comes to mind: "*Kapag may itinanim, may aanihin.*"

These uncertain times demand that we prepare for the rainy days. We need to allocate a portion of our present income for future needs.

Aside from savings, we can also make sound investments. While many Filipinos believe that the only way to make money is by working for it, there is another way: by making your money work for you. This entails investing your money so that it earns more money.

**Investment for Beginners**

There is a wide range of investment opportunities available for beginners. Investment decisions are based on one's goals or risk appetite. There are many options, but a beginning investor may look into:

- PAG-IBIG and SSS Investment Programs
- Stock Market
- Bonds and Mutual Funds
- Variable Life Insurance

**Investing for Social Inclusion**

The options above are commercial investment opportunities. There is another path which a beginning investor may consider. It is called microfinance, which is distinguished from traditional finance because of its social dimension. Microfinance is a form of impact investing. It caters to the poor and marginalized sectors, making sure that those who do not have access to banks would have access to much-needed financial services. Aside from the financial gain, microfinance measures the social impact of its performance.

Microfinance Institutions (MFIs) provide loans, savings, micro-insurance and related products to low-income groups, as well as micro, small and medium enterprises (MSMEs). This is important, particularly in the Philippines, where 7 out of 10 adults are financially excluded.

A beginning investor may look into MFIs as an opportunity not just to earn money, but to help others. MFIs, after all, enable income-generating activities that help people to break out of poverty.

By investing to make a difference, not only are you making your money work for you; you are making it work to help others and to build a better world.

*To read more, visit https://cardmri.com/?p=4441*

## CARD MRI, NAGSAGAWA ... 2

Executive Director ng Restart Micro-Enterprise Inc. (RestartME). Ayon sa kaniya, ang pagkakaroon ng seguro ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalakas ng MSMEs. "Hindi sapat ang pagkakaroon ng tulong pinansyal. Kailangan nitong masamahan ng mga programang higit pang makatutulong sa iba't ibang pangangailangan ng mga kliyente," pagtatapos niya.

Mula sa mga natutuhan sa usaping ito, layunin nitong makabuo nang mahuhusay na programang makapagpapalakas sa MSMEs matapos ang mga kalamidad na nananalata sa ating bayan.

## KWENTONG TAGUMPAY

### Paglago sa kabila ... 3

kanyang nakuha upang ang kanyang pamilya ay muling makabangon mula sa trahedya.

Lubos din ang pasasalamat ni Emma dahil sa gitna ng lahat ng unos na ito, nananatili pa rin ang kanilang negosyo. Ngunit ito ay nangangailangan ng mas malakihang kapital. Sa ngayon, si Emma ay mayroong *loan* sa CARD SME Bank na kanyang ginagamit sa negosyo.

Naniniwala si Emma na unti-unting mababawi ng kanyang pamilya ang lahat ng nawala sa kanila. Sa dulo, ang mga sakripisyo nila ay magbubunga sa dulo.

SULONG
ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Medel E. Valencia
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Maria Czarina D. Sanigan
Victor Angelo U. Aranza
Lynfa A. Tan
Writers